Tunay na ang tao ay talagang nagdarasal ng dasal, na hindi nagtala para sa kanya mula rito [bilang gantimpala] kundi ng ikapu nito, ikasiyam nito, ikawalo nito, ikapito nito, ikaanim nito, ikalima nito, ikaapat nito, ikatlo nito, kalahati nito."}

Ayon kay `Abdullāh bin `Anamah na nagsabi: {Nakakita ako kay `Ammār bin Yāsir na pumasok sa masjid saka nagdasal saka nagpagaan ng pagdarasal. Noong nakalabas siya, tumayo ako papunta sa kanya saka nagsabi ako: "O Abu Al-Yaqḏān, talaga ngang nagpagaan ka [ng pagdarasal]." Nagsabi siya: "Nakakita ka kaya sa akin na nagkulang ako mula sa mga hangganan nito ng anuman?" Nagsabi ako: "Hindi." Nagsabi siya: "Tunay na ako ay nagdali-dali nito dahil sa pagpapalingat ng demonyo. Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: Tunay na ang tao ay talagang nagdarasal ng dasal, na hindi nagtala para sa kanya mula rito [bilang gantimpala] kundi ng ikapu nito, ikasiyam nito, ikawalo nito, ikapito nito, ikaanim nito, ikalima nito, ikaapat nito, ikatlo nito, kalahati nito."}

[Maganda] [Nagsalaysay nito si Imām Aḥmad]

Pumasok si `Ammār bin Yāsir (malugod si Allāh sa kanilang dalawa) sa masjid saka nagdasal siya ng isang kinukusang-loob, na isang magaang ṣalāh. Noong nakalabas siya mula sa masjid, sinundan siya ni `Abdullāh bin `Anamah at nagsabi ito sa kanya: "O Abu Al-Yaqḏān, talaga ngang nakakita ako sa iyo na nagpagaan ka ng pagdarasal mo." Nagsabi si `Ammār: "Nakakita ka kaya sa akin na nagkulang ako mula sa mga haligi nito o mga kinakailangan dito o mga kundisyon nito ng anuman?" Nagsabi ito: "Hindi." Nagsabi siya: "Tunay na ako ay nagpagaan nito bago makaabala sa akin ang demonyo. Nakarinig ako sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: Tunay na ang tao ay talagang nagdarasal ng dasal, na hindi nagtala para sa kanya mula sa pabuya nito kundi ng ikapu nito, o ikasiyam nito, o ikawalo nito, o ikapito nito, o ikaanim nito, o ikalima nito, o ikaapat nito, o ikatlo nito, o kalahati nito."

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/65468